

Ang Sakit na Coronavirus 2019 (COVID-19)

Ang Sakit na Coronavirus 2019 (COVID-19, Coronavirus Disease 2019) ay isang sakit sa paghinga sa mga tao na sanhi ng bagong virus. Maaari itong kumalat mula sa bawat tao.

Dahil ito ay bagong virus, mayroon pang hindi natin alam, ngunit natututo pa tayo tungkol sa COVID-19 bawat araw.

Ang pampublikong kalusugan sa komunidad ng Minnesota ay nagsisikap upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19 sa ating estado, at umaasa kami sa tulong ng bawat isa.

Iwasan ang mga pagpapalagay tungkol sa kung sino sa tingin mo ang may sakit. Hindi namimili ang virus.

Mga Sintomas

Ang mga taong kumpirmadong may impeksyon ng COVID-19 ay nagkaroon ng banayad hanggang malubhang sakit sa paghinga na may mga sintomas na:

- Lagnat
- Ubo
- Kahirapan sa paghinga

Ang mga taong may banayad na COVID-19 ay maaaring manatili sa bahay habang sila ay may sakit. Dapat mong bawasan ang mga aktibidad sa labas ng iyong bahay, maliban sa pagkuha ng medikal na pangangalaga. Tawagan sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung kailangan mong humingi ng medikal na pangangalaga.

Protektahan ang iyong sarili at iyong komunidad

Ang pinakamainam na mga paraan upang protektahan ang iyong sarili mula sa COVID-19 ay gawin ang parehong mga bagay na iyong ginagawa upang protektahan ang iyong sarili mula sa sipon at trangkaso:

- Hugasan ang mga kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig.
- Manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit.
- Magtakip kapag umubo.
- Linisin at disimpektahan ang madalas na hinahawakang mga bagay at ibabaw.

Mag-ingat kung saan ka kumukuha ng impormasyon tungkol sa COVID-19. Ang mga pangako ng "lunas" o garantisadong paraan upang maiwasan ang COVID-19 ay hindi tumpak. Sa ngayon, walang bakuna para sa COVID-19. Mangyaring patuloy na tingnan ang mga website ng MDH at CDC para sa impormasyon kung paano makatulong na maiwasan ang COVID-19.

Alamin ang higit pa

Kumuha ng pinakabagong impormasyon tungkol sa COVID-19 mula sa mga website na ito:

- Kagawaran ng Kalusugan sa Minnesota (Minnesota Department of Health) 2019 Novel Coronavirus (COVID-19) (www.health.state.mn.us/diseases/coronavirus/index.html).
- Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-Iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention) 2019 Novel Coronavirus (www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/index.html).